NEW ZEALAND RED CROSS
RĪPEKA WHERO AOTEAROA

VISITOR CARE
Manaaki manuhiri
HUMANITARIAN SUPPORT FOR FOREIGN NATIONALS

Mga madalas itanong tungkol sa pagkapribado

Maaapektuhan ba ng aking aplikasyon ang tsansa kong mabigyan ng visa sa hinaharap?

Hindi. Ang impormasyong ibibigay mo sa amin ay gagamitin lamang para sa layon ng tulong na ito. Ang pag-access sa suportang ito ay hindi makaapekto sa katayuan ng iyong visa sa kasalukuyan man o sa hinaharap.

Kapag nag-aplay ako para sa suporta, ano ang mangyayari sa aking personal na impormasyon?

Kapag naging matagumpay ang iyong pag-aplay sa Kagawaran ng Ugnayang Panloob (Department of Internal Affairs-DIA), ang iyong impormasyon ay ipapasa sa New Zealand Red Cross na siyang magbibigay ng suporta. Iimbakin at itatabi nang ligtas ng kapwa partido ang iyong personal na impormasyon sang-ayon sa Privacy Act 1993 (Batas sa Pagkapribado 1993) at gagamitin lamang ang personal na impormasyong ibinigay sa proseso ng aplikasyon para sa layon ng pagbibigay nito. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring sumangguni sa pahayag ng pagkapribado.

Ano ang mga sitwasyon kung saan ang aking impormasyon ay maaaring ibahagi sa ibang ahensya (sa labas ng DIA o Red Cross)?

Ang New Zealand Red Cross at DIA ay gagamit lamang ng personal na impormasyong ibinigay sa amin sa pamamagitan ng website na ito para lamang sa layon ng iyong pagbibigay (hal. upang tasahin ang iyong aplikasyon para sa suporta, pamahalaan, tasahin at pagbutihin ang website, at upang pagbutihin ang aming mga serbisyo), at para sa iba pang mga dahilan na pinahihintulutan sa ilalim ng Privacy Act 1993 (ibig sabihin, nang may pagsang-ayon mo, para sa isang direktang kaugnay na layunin, o kung saan ito at pinahihintulutan o ipinag-uutos ng batas).

Maaari ba ninyong kumpirmahin na ang sistema ng pag-tsek sa visa ay hindi magtatabi ng aking impormasyon o magbibigay-babala sa Immigration New Zealand?

Ang serbisyo ng Pagpapatunay ng Visa (Visa Verification service) na ginagamit upang magpatunay ng impormasyon sa visa ng isang aplikante, ay gagamitin upang kumpirmahin kung ikaw ay marapat mag-aplay para sa suporta. Ang serbisyong ito, at ang impormasyong nakikita sa pamamagitan ng serbisyo, ay makukuha ng publiko.

Lahat ng impormasyon ay pinamamahalaan alinsunod sa Privacy Act 1993. Nangangahulugan ito na ang iyong impormasyon ay gagamitin lamang para sa layon ng pagbibigay mo nito.

Kakailanganin ko bang bayaran ang perang ito?

Hindi. Ang tulong na ito ay ibinigay sa iyo na hindi inaasahang ito ay mababayaran.

Wala akong balidong visa. Ipapasa ba ninyo ang aking impormasyon sa ibang mga ahensya?

Hindi.

Maaari mong alamin kung ikaw ay marapat para sa tulong sa pamamagitan ng programang ito bago ka mag-aplay sa covid19.govt.nz/business-work-and-money/financial-support/covid-19-financial-support-tool/

Hindi ako nasiyahan kung paano ginamit ang aking personal na impormasyon. Ano ang dapat kong gawin?

Maaari mong kontakin ang New Zealand Red Cross sa 0800 RED CROSS.

Kung hindi ka nasiyahan sa aming tugon sa anumang alalahanin mo kaugnay sa pagkapribado, maaari kang makipag-ugnay sa Privacy Commissioner:

Office of the Privacy Commissioner
PO Box 10-094 Wellington, New Zealand
Telepono: 04 474 7590
Linya para sa mga Tanong (Enquiries Line) (mula sa Auckland): 09 302 8655
Linya para sa mga Tanong (mula sa labas ng Auckland): 0800 803 909
Fax: 04 474 7595
Email: enquiries@privacy.org.nz

NEW ZEALAND RED CROSS
RĪPEKA WHERO AOTEAROA

Working with the New Zealand Government